

## Unang Markahan Baitang 7 Supplemental Lesson Plan 1

### Paksa: Implikasyon ng Pisikal na Katangian at Yamang Likas ng Silangang Asya sa Ekonomiya

#### Layunin:

- Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng Silangang Asya sa mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng ekonomiya

#### A. Panimula

- Itanong sa mga mag-aaral kung saang lalawigan sa Pilipinas nanggaling o nakatira ang kanilang angkan. Pagsama-samahin ang mga mag-aaral na magkakatulad ang lalawigan.
- Hayaang pag-usapan ng bawat pangkat kung ano-anong produktong agrikultural ang ipinagmamalaki ng kanilang lalawigan. Magtalaga ng isa o dalawang kinatawan na magbabahagi sa klase.

#### B. Paglinang

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral na tulad ng mga lalawigan o rehiyon sa Pilipinas, mayroon ding iba't ibang produktong agrikultural na ipinagmamalaki ang mga bansa sa Silangang Asya.
- Group Work: Papuntahin muli ang mga mag-aaral sa mga pangkat na kumakatawan sa iba't ibang bansa sa Silangang Asya.
- Bigyan ang bawat pangkat ng 5 minuto upang matukoy ang mga produktong agrikultural na bunga ng kapaligirang pisikal ng kanilang bansa.
- International Trade
  - Atasan ang bawat pangkat na umisip ng pinakamalikhaing paraan upang maibenta sa pandaigdigang pamilihan ang kani-kanilang produkto.

#### Pangunahing Pang-unawa:

- Ang pag-unlad ng ekonomiya ay nakasalalay sa kapaligirang pisikal ng isang bansa at sa epektibong paggamit at paglinang dito.

#### Pangunahing Tanong:

- Paano nakaaapekto sa ekonomiya ang pisikal na katangian ng mga bansa sa Silangang Asya?
- Paano tinutugunan ng mga Asyano ang iba pa nilang pangangailangan na di kayang ipagkaloob ng pisikal na katangian ng kanilang bansa?

#### Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Critical thinking
- Reflective thinking
- Communication

- b. Bigyan din sila ng pagkakataon na makipagpalitan ng produkto sa ibang bansa batay sa kanilang pangangailangan.

### C. Pagpapatibay

1. Pagkatapos ng pangkatang gawain, hayaang sagutin ng bawat pangkat ang sumusunod:
  - a. Ano ang napansin ninyo sa mga produktong agrikultural ng mga bansa sa Silangang Asya?
  - b. Bakit magkakaiba ang mga produkto ng mga nasabing bansa?
  - c. Paano tinutugunan ng mga nasabing bansa ang kanilang pangangailangan na di kayang ipagkaloob ng kanilang kapaligiran?
2. Think-Pair-Share: Hayaang sagutin naman ng mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong sa tulong ng isa o dalawa pang kamag-aral.
  - a. Sa inyong palagay, aling bansa sa Asya ang may pinakamalaki at alin ang may pinakamaliit na pakinabang sa kapaligirang pisikal nito? Patunayan.
  - b. Alin namang bansa ang nakagawa ng pinakaepektibong paraan upang matugunan ang kanilang pangangailangan na wala sa kanilang bansa? Pangatwiranan.

- Collaboration
- Mga Kagamitan:**
- Batayang aklat

## Unang Markahan Baitang 7 Supplemental Lesson Plan 2

### Paksa: Implikasyon ng Pisikal na Katangian at Yamang Likas ng Silangang Asya sa Ekonomiya

#### Layunin:

- Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng Silangang Asya sa mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng ekonomiya

#### A. Panimula

- Atasan ang mga mag-aaral na ilabas mula sa kanilang bag ang iba't ibang *electronic gadget* na mayroon sila.
- Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:
  - Saang bansa gawa ang nasabing *gadget*?
  - Paano mo ilalarawan ang *gadget* na nabanggit?
  - Sa iyong palagay, bakit may kakayahan ang nasabing bansa na gumawa ng ganitong mga produkto?
- Hayaang ibahagi muna ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa katabi. Pagkatapos, tumawag ng mga *volunteer* upang magbahagi ng kanilang sagot sa klase.

#### B. Paglinang

- Problem-based Learning: Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang magiging sentro ng talakayan ay isang suliraning damay ang lahat ng bansa sa daigdig – ang *global warming*. At isa ngang manipestasyon nito ay ang *super typhoon Yolanda* na tumama sa ating bansa.
- Tumawag ng mga mag-aaral na nais magbahagi ng kanilang nalalaman o aktuwal na naranasan sa nasabing bagyo.
- Sa ikatlong pagkakataon, papuntahin ang mga mag-aaral sa mga pangkat na kumakatawan sa iba't ibang bansa sa Silangang Asya.

#### Pangunahing Pang-unawa:

- Ang pag-unlad ng ekonomiya ay nakasalalay sa kapaligirang pisikal ng isang bansa at sa epektibong paggamit at paglinang dito.

#### Pangunahing Tanong:

- Paano nakaaapekto sa ekonomiya ang pisikal na katangian ng mga bansa sa Silangang Asya?
- Paano tinutugunan ng mga Asyano ang iba pa nilang pangangailangan na di kayang ipagkaloob ng pisikal na katangian ng kanilang bansa?

#### Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Critical thinking

4. Ipagawa ang sumusunod:
  - a. Ilista ang iba pang mga yaman na matatagpuan sa kani-kanilang bansa dahil sa kapaligirang pisikal nito.
  - b. Alamin kung paano nagagamit ng kanilang bansa ang nasabing likas na yaman at kung paano ito higit pang nalilintang.
  - c. Ipaliwanag kung paano makatutulong sa ekonomiya ng kanilang bansa ang yamang likas na nabanggit.
  - d. Umisip ng isang instrumento, *gadget*, o teknolohiya na maaaring gawin o nagawana ng kanilang bansa na magagamit o nagamit upang matulungan ang mga biktima ng bagyong Yolanda. Ang nasabing instrumento, *gadget*, o teknolohiya ay dapat na bunga ng pag-unlad ng ekonomiya ng kanilang bansa dahil sa likas na yamang matatagpuan dito.
5. Bigyan ang bawat pangkat ng 10 minuto para sa gawaing ito. Tumawag ng mga *volunteer* upang magbahagi sa klase matapos ang pangkatang gawain.
6. Himukin ang iba pang mag-aaral na magtanong o magbigay ng kanilang palagay ukol sa ulat para sa malayang talakayan.

### C. Pagpapatibay

1. East Asian Fishbowl: Maghanda ng isang *fishbowl* na naglalaman ng mga papel na hugis isda. Isulat sa mga papel ang pangalan ng mga bansa sa Silangang Asya.
2. Hayaang buuin ng mga mag-aaral ang mga pangungusap batay sa bansang makukuha nila sa *fishbowl*.
  - a. Mayaman ang (bansa) sa (likas na yaman) at nagamit nila ito upang \_\_\_\_\_.
  - b. Salat man ang (bansa) sa (likas na yaman), napaunlad pa rin nila ang kanilang ekonomiya sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_.

- Reflective thinking
- Communication
- Collaboration

### Mga Kagamitan:

- Batayang aklat
- Mga *gadget* ng mga mag-aaral
- *Fishbowl* at mga papel na hugis isda

- c. Dapat tularan ng Pilipinas ang (bansa) dahil sa maayos na paggamit at epektibong paglinang ng kanilang likas na yaman. Sa katunayan, (mabuting epekto ng paggamit at paglinang sa likas na yaman sa ekonomiya).

**D. Takdang Aralin**

1. Ilarawan ang kapaligirang pisikal ng inyong pamayanan o barangay. Isulat ang sagot sa kuwaderno.
2. Alamin ang mga hanapbuhay at karaniwang gawain ng mga tao sa inyong pamayanan.
3. Magdala ng sumusunod para sa pangkatang gawain: lumang diyaryo, gunting, tape, o glue.

## Unang Markahan Baitang 7 Supplemental Lesson Plan 3

### Paksa: Implikasyon ng Pisikal na Katangian at Yamang Likas ng Silangang Asya sa Panahanan at Kultura

#### Layunin:

- Natataya ang mga implikasyon ng kapaligirang pisikal at yamang likas ng Silangang Asya sa mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng panahanan at kultura

#### A. Panimula

- Pagtalakay ng Takdang Aralin: Tumawag ng mga volunteer na nais magbahagi ng kanilang gawa sa klase. Hayaang magtanong o magbigay ng opinyon ang iba pang mag-aaral.
- Itanong sa mga mag-aaral ang sumusunod:
  - Paano ninyo ilalarawan ang kultura at uri ng pamumuhay sa inyong pamayanan?
  - Bakit ganoon ang kultura at uri ng pamumuhay na nalinang sa inyong pamayanan?
  - Masasabi bang nakasalalay sa kapaligiran ang kultura at uri ng pamumuhay ng mga tao sa isang pamayanan? Pangatwiran. Magbigay ng halimbawa.
- Muling tumawag ng mga *volunteer* upang magbahagi ng kanilang sagot sa klase. Bigyang-linaw na tulad ng maliliit na pamayanang kinabibilangan ng mga mag-aaral, ang mga bansa sa Silangang Asya ay nakabuo rin ng kultura at panahang naging epekto ng kanilang kapaligirang pisikal.

#### B. Paglinang

- Tour Around East Asia: Muling papuntahin ang mga mag-aaral sa mga pangkat na kumakatawan sa iba't ibang bansa sa Silangang Asya.

#### Pangunahing Pang-unawa:

- Malaki ang impluwensiya ng kapaligirang pisikal ng isang bansa sa kultura at panahang malilinaang dito.

#### Pangunahing Tanong:

- Paano iniaangkop ng mga Asyano ang uri ng kanilang pamumuhay sa kanilang kapaligiran?

#### Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Critical thinking
- Reflective thinking
- Communication
- Collaboration

#### Mga Kagamitan:

- Batayang aklat
- Lumang diyaryo

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

2. Ipagawa ang sumusunod:
  - a. Talakayin kung anong kultura at uri ng panahanan at pamumuhay ang nalinang sa kani-kanilang bansa.
  - b. Tukuyin ang mga salik na nagbigay-daan sa pagkalinang ng nasabing uri ng pamumuhay at kung paano ito nakaapekto.
  - c. Creative Tableau: Gumawa ng isang *tableau* upang ilarawan ang kultura at uri ng pamumuhay ng kanilang bansa. Upang mas maintindihan ang kanilang gawa, dapat magdagdag ang bawat pangkat ng mga gamit o iba pang *props* na yari sa mga gamit na nakasulat sa Takdang Aralin. Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral para sa gawaing ito.
  - d. Pagtatanghal: Isa-isang pagtanghalin ang bawat pangkat. Upang maging *interactive* ang talakayan, hayaan munang ilarawan ng ibang pangkat ang gawa ng nagtatanghal na pangkat. Pagkatapos, magtalaga ng isang kasapi ng pangkat na magpapaliwanag tungkol sa bansang kanilang kinakatawan.
3. Himukin ang iba pang mag-aaral na magtanong o magbigay ng kanilang palagay ukol sa pagtatanghal para sa malayang talakayan.

### C. Pagpapatibay

1. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang kultura at uri ng panahanan at pamumuhay ng mga bansa sa Silangang Asya?
2. Masasabi bang may bansa sa Silangang Asya na nakahihigit sa iba sa larangan ng kultura at panahanan? Pangatwiranan.
3. Aling kultura ng mga bansa sa Silangang Asya ang maihalintulad sa Pilipinas? Bakit?
4. Kung kayo ang papipiliin, saang bansa sa Silangang Asya ninyo nanaising manirahan batay sa kanilang kultura at panahanan? Ipaliiwanag.

- Gunting, tape, o glue

## Unang Markahan Baitang 7 Supplemental Lesson Plan 4

### Paksa: Yamang Likas ng Silangang Asya

#### Layunin:

- Nailalarawan ang yamang likas ng Silangang Asya

#### A. Panimula

1. Where in the World: Pumili ng ilang mag-aaral mula sa klase at ibigay sa kanila ang mga larawan ng ilang sikat na tanawin sa mga bansa sa Silangang Asya. (Halimbawa: Jeju Island, Mt. Fuji, Hong Kong at Macau, atbp.)
2. Itanong sa mga napiling mag-aaral ang pangalan ng nasabing tanawin at kung saang bansa ito matatagpuan. Kung hindi ito alam ng naatasang mag-aaral, maaari siyang humingi ng tulong sa kanyang mga kamag-aral.
3. Itanong ang sumusunod:
  - a. Pamilyar ba kayo sa mga sikat na tanawin na nasa mga larawan? Anong mahahalagang impormasyon ang alam ninyo tungkol sa mga ito? Ibahagi ito sa klase.
  - b. Mayroon pa ba kayong alam na ibang sikat na tanawin mula sa mga nasabing bansa? Ibahagi rin ito sa klase.

#### B. Paglinang

1. Group Work: Hatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay kakatawan sa iba't ibang bansa sa Silangang Asya: China (kasama ang Hong Kong at Macau), Japan, Mongolia, Korea (North at South), at Taiwan.
2. Sa loob ng 5 minuto, hayaang ilarawan ng bawat pangkat ang mga anyong lupa at tubig ng bansang nakatalaga sa kanila.
3. Comparative Analysis Table: Atasan ang bawat pangkat na isulat sa pisara ang kanilang sagot at ipaliwanag ito sa klase.

#### Pangunahing Pang-unawa:

- Ang yamang likas ng isang bansa o rehiyon ay nakasalalay sa mga anyong lupa at tubig na matatagpuan dito.

#### Pangunahing Tanong:

- Gaano kasagana o kasalat sa likas na yaman ang Silangang Asya?
- Ano ang kahalagahan ng likas na yaman sa mga bansa sa Silangang Asya?

#### Ika-21 Siglong Kasanayan:

- Critical thinking
- Reflective thinking
- Communication



4. Himukin ang mga kasapi ng ibang pangkat na magtanong o magbigay ng kanilang sariling palagay ukol sa ulat para sa malayang talakayan.

**C. Pagpapatibay**

Pagkatapos ng pangkatang gawain, itanong sa klase ang sumusunod:

- a. Sa paanong paraan nagkakatulad at nagkakaiba ang mga anyong lupa at tubig ng mga bansa sa Silangang Asya?
- b. Sa kabuuan, paano ninyo mailalarawan ang likas na yaman ng Silangang Asya batay sa mga anyong lupa at tubig na matatagpuan dito?
- c. Masasabi bang sagana o salat sa likas na yaman ang Silangang Asya? Pangatwiranan.
- d. Bakit mahalaga ang mga nasabing yaman sa mga bansa sa Silangang Asya?

- Collaboration

**Mga Kagamitan:**

- Batayang aklat
- Mga larawan